



Pag-unawa sa Cascade Screening

ANO ANG CASCADE SCREENING?

Ang cascade screening ay paraan para malaman kung ang malalapit na miyembro ng pamilya, gaya ng mga magulang, kapatid, at anak ng isang taong may isang genetic na kondisyon, ay posible ring magkaroon ng ganoong kondisyon. Puwedeng magkakaiba ang posibilidad para sa bawat genetic na kondisyon at kung paano ito naipapasa.



BAKIT MAHALAGA ANG CASCADE SCREENING?

- **Maagang detection:** Nakakatulong itong malaman kung posible bang naipasa sa isang tao ang isang genetic na kondisyon, pero wala pa itong sintomas.
- **Pag-iingat:** Hinahayaan ang mga tao na kontrolin ang kondisyon habang maaga.
- **Kalusugan ng pamilya:** Pinapanatiling malusog ang mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila tungkol sa kanilang mga genetic na panganib.

Ang Lp(a) ay isang genetic na risk factor para sa sakit sa puso. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mataatas na Lp(a) level, nabibigyang-daan ang mga tao na magsagawa ng magagandang pagbabago sa kanilang kalusugan at kontrolin ang iba pa nilang risk factor, na magpapababa sa panganib ng atake sa puso, stroke, peripheral artery disease (PAD), calcific aortic valve disease, at aortic stenosis.

Ayon sa National Heart, Lung, and Blood Institute (NIH), 20-30% ng mga tao sa buong mundo ang may mataas na Lp(a), pero hindi kasama ang Lp(a) test sa standard cholesterol test, kaya iilan lang ang nate-test.



Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa Lp(a) testing, lalo na kung mayroon ka ng mga sumusunod:

- May family o personal history ng premature heart disease (ibig sabihin, wala pang 45 para sa kalalakhian at 55 sa kababaihan)
- Alam mong may family history kayo ng mataas na Lp(a)
- Diagnosis ng familial hypercholesterolemia (FH) - namamanang kondisyon kung saan mahina ang pag-recycle ng katawan sa LDL cholesterol



Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa Lp(a) testing.

Kung mataas ang Lp(a) level mo, itanong sa doktor mo ang tungkol sa cascade screening at sabihan ang malalapit mong kapamilya na magpa-test din.